

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 7 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 12 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 18, IKA – 2:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Acting Municipal Vice Mayor Lucille T. Bacay	- Tagapangulo
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal David D. De La Cruz	- Miyembro
Konsehal Michael O. Pongyan	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Christopher Y. Carvajal	- Miyembro
Konsehal Gualberto V. Magno	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 24
Taong 2025

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG
YUMAONG G. WILMER JOSEPH “BONG” K. DIMATULAC

- SAPAGKAT, si G. Wilmer Joseph “Bong” K. Dimatulac ay pumanaw noong Agosto 15, 2025 sa edad na animnapung taong gulang;
- SAPAGKAT, si G. Dimatulac ay isang lehitimong Roxaseño at kinikilalang isa sa mga matagumpay na anak ng bayan ng Roxas na malaki ang naging ambag sa pag-unlad ng bayan sa pamamagitan ng mga negosyong kanyang itinatag at pinagsumikapang palaguin;
- SAPAGKAT, sa pamamagitan ng mga negosyo at mga establisyementong kanyang itinayo, marami sa ating mga kababayan ang nabigyan ng trabaho at oportunidad na maitaas ang antas ng pamumuhay ng mga pamilyang umaasa rito;
- SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito, sinikap niyang makatulong sa kanyang kapwa, naging responsableng ama sa kanyang mga anak at mapagmahal na kabiya, kapatid at kaibigan;
- SAPAGKAT, ang maagang paglisan ni G. Wilmer Joseph K. Dimatulac ay nagdulot ng kalungkutan sa kanyang pamilya. kaibigan, kasamahan at mga empleyado;
- SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, sampu ng mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ni G. Wilmer Joseph K. Dimatulac.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. King Philip B. Dimapilis at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong G. Wilmer Joseph K. Dimatulac ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan, at ng mga namumuno at kawani ng pamahalaang bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong G. Wilmer Joseph K. Dimatulac lakip ang tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay: 18 Agosto 2025

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

LUCILLA T. BACAY
Tagapangulo